IKAAPAT NA MARKAHANG PAGSUSULIT
TALAAN NG ISPISIPIKASYON
FILIPINO III

| LAYUNIN/ KASANAYAN | BILANG NG AYTEM | KINALALAGYAN NG AYTEM | BAHAGDAN |
|---|---|---|---|
| PAKIKINIG | | | |
| 1.Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang usapan. | 2 | 1-2 | 5 % |
| 2. Napagsusunod- sunod ang mga pangyayari ng kuwentong napakinggan | 3 | 3,4,5 | 7.5 % |
| 3.Nakasusunod sa panutong may 3-4 na hakbang. | 1 | 6 | 2.5 % |
| 4. Naibibigay ang paksa ng kuwento o sanaysay na napakinggan | 1 | 7 | 2.5 % |
| 5.Nakapagbibigay ng sariling wakas sa napakinggang kuwento. | 1 | 8 | 2.5 % |
| PAGSASALITA | | | |
| 1.Nagagamit ang angkop na pagtatanong tungkol sa mga tao, hayop, bagay, lugar at pangyayari(ano, sino, saan, ilan, kalian, sino-sino, ano- ano) | 2 | 9,10 | 5 % |
| 2. Nakapaglalarawan ng mga bagay, hayop, tao, at lugar sa pamayanan. | 1 | 11 | 2.5 % |
| 3. Nagagamit ang mga salitang kilos sa pag –uusap tungkol sa ibat ibang gawain sa sa tahanan, paaralan, at pamayanan. | 1 | 12 | 2.5 % |
| 4. Nagagamit nang wasto ang pang-abay na naglalarawan ng isang kilos o gawi. | 2 | 13,14 | 5 % |
| 5. Nagagamit nang wasto ang pang-ukol (ukol sa, para sa, laban sa, tungkol sa) | 2 | 15,16 | 5 % |
| 6. Nagagamit ang magagalang na pananalita sa pagtanggap ng panauhin. | 1 | 17 | 2.5 % |
| PAGBASA | | | |
| 1.Nasasagot ang mga tanong tungkol sa tekstong binasa. | 2 | 18,19 | 5 % |
| 2. Nakapagbibigay ng wakas ng binasang kuwento. | 1 | 20 | 2.5 % |
| 3. Nakapagbibigay ng mungkahing solusyon sa suliraning nabasa sa isang teksto o napanood. | 1 | 21 | 2.5 % |
| 4. Naibibigay ang lagom o buod ng tekstong binasa. | 1 | 22 | 2.5 % |
| 5. Nakasusunod ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng paggamit ng mga palatandaang nagbibigay ng kahulugan 1(context clues, kasingkahulugan/ kasalungat). | 2 | 23,24 | 5 % |
| 6. Napagyayaman ang talasalitaan sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga bagong salita mula sa salitang- ugat. | 1 | 25 | 2.5 % |
| 7. N atutukoy ang kahulugan ng tambalang salita na nananatili ang kahulugan. | 1 | 26 | 2.5 % |
| 8. Nakapagpapalit at nakapagdaragdag ng mga tanong upang makabuo ng bagong salita. | 1 | 27 | 2.5 % |
| 9. Nakapagbibigay ng mga salitang magkakatugma. | 1 | 28 | 2.5 % |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 10. Napagsasama ang mga katinig at patinig upang makabuo ng salitang may diptonggo. | 1 | 29 | 2.5 % |
| 11.Nababasa ang mga salitang hiram/ natutuhan sa aralin. | 1 | 30 | 2.5 % |
| 12. Nabibigyang kahulugan ang graph. | 2 | 31,32 | 5 % |
| PAGSULAT | | | |
| 1.Nagagamit ang malaki at maliit na letra at mga bantas sa pagsulat ng mga salitang natutuhan sa aralin, mga salitang katutubo, salitang hiram at salitang dinaglat. | 2 | 33,34 | 5 % |
| 2. Nakasusulat ng isang talata. | 3 | 35,36.37 | 7.5 % |
| 3. Nasisipi nang wasto at maayos ang liham | 3 | 38,39,40 | 7.5 % |
| | | | |
| KABUUAN | | | |

Inihanda ni:

Maribel B. Marasigan

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IV-B MIMAROPA
DIVISION OF ORIENTAL MINDORO
District of Victoria
Simon Gayutin Memorial Elementary School
Poblacion III, Victoria, Oriental Mindoro

IKAAPAT NA MARKAHANG PAGSUSULIT
FILIPINO III

PANGALAN:_______________________________________ Iskor ________________

**PAKIKINIG**
**PANUTO: Pakinggan ang usapan at sagutin ang mga katanungan**.
1.Ano ang dahilan ng pagpunta ng mga mag-aaral kay Ginang Jessica Lavarez?
A. Magtatanong kung saan ang papuntang silid- aralan.
B. Manghihiram sila ng aklat
C. Bibili ng proyekto
D. Magbibigay ng proyekto.
2.Sino ang nagsabi ng "Ibig po naming manghiram ng aklat upang magbasa".
A. Cha B. Che C. Theo D. Sid
3-5 Lagyan ng bilang 3-5 ang mga pangyayari ayon sa usapang napakinggan.
______ Nagpasalamat sila kay Gng. Lavarez
______ Itinanong nila kung saan ang daan papuntang silid- aklatan.
______ Pumunta ang mga mag- aaral kay Gng. Lavarez.

6. Ano ang paksa ng kuwento? ________________________________________
7. Magbigay ng angkop na wakas para sa kuwento.
_____________________________________________________
8. Gawin ang isinasaad ng panutong ibibigay ng guro.

**PAGSASALITA**
Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong at bilugan ang titik ng tamang sagot.
9. __________ ka ipinanganak? Anong panghalip pananong ang angkop sa pangungusap?
A.Ilan B. Ano C. Kailan D. Sino
10. ________ ang mga kapatid mo?
A. Ano- ano B. Sino- sino C. Sino D. Saan
11. Pinasalamatan ng guro ang mga batang _______________.
A. masisipag B. marami C. lima D. mabangis
12. Itinapon ni Paquito ang mga tuyong dahon sa hukay.
Anong salitang kilos ang ginamit sa pangungusap na ito?
A. Itinapon B. Paquito C. dahon D. sa hukay
13. Dahan-dahan siyang pumasok sa kwarto upang hindi maabala ang natutulog na kapatid. Alin ang pang-abay sa pangungusap?
A. kapatid B. natutulog C. pumasok D. dahan- dahan
14. __________ niyang iniayos ang mga pinggan sa mesa.
A. Buong husay B. Buong- buo C. Buong ingat D. Buong tapang
15. Nagkaroon ng seminar sa barangay ____________ wastong pamamahala ng mga basura.
A. para sa B. laban sa C. tungkol sa D. ukol sa
16.Dapat ibigay ang tamang parusa ___________ mga taong hindi gumagawa ng mabuti sa lipunan. A. para sa B. laban sa C. tungkol sa D. ukol sa
17.Dumating sa bahay nina Dang ang nga kaibigan ng nanay niya.Ano ang sasabihin niya sa mga ito? A.Pasaan kayo? B. Tuloy po kayo. C. Diyan lang kayo. D. Maghintay kayo diyan.

**PAGBASA**

Panuto: Basahin ang talata upang masagot ang mga tanong tungkol dito.

Ang pagkain ng gulay, karne, isda, itlog, prutas, kanin, tinapay at iba pa at ang pag- inom ng gatas ay nagpapalakas ng katawan at nakapagbibigay ng resistensya upang tuluyang makaiwas sa anumang karamdaman at tumutulong sa paglaki.

Upang maging masigla, malakas, at puno ng enerhiya sa buong maghapon,kinakailangang kumain ng tatlong beses sa isang araw :agahan, tanghalian at hapunan.

18 Anong pagkain ang nakapagpapatibay ng resistensya?
A. French fries B. gulay C. sitsirya D. popcorn

19. Ano ang dapat gawin upang lumusog ang katawan?
A. kumain ng tamang pagkain. C. Maglaro maghapon.
B. Kumain ng maraming candy. D. Magbsa ng aralin.

20. Ano ang kasingkahulugan ng salitang "huwaran" ?
A. halimbawa B. gawain C. sulatin D. aralin

21. Mainam na ikaw ay manahimik kaysa makipagtalo. Ano ang kasalungat ng salitang may salungguhit? A. mahirap B. mabuti C. marapat D. madali

Panuto: Basahin ang maikling kuwento. Sagutin ang kasunod na mga tanong.

Sina Maria ay naninirahan sa tabi ng ilog. Marami silang tanim sa paligid ng kanilang bahay. Siya ay mabait, masunuri, masipag, at matulungin. Kapag araw ng Sabado, tumutulong siya sa gawaing bahay at sumisimba naman tuwing Linggo, kasama ang kaniyang ama at ina.

Isang araw, habang si Maria ay nagwawalis ng bakuran, may lumapit na mga batang naglalaro.

"Maria, nagugutom kami, maaari bang makahinhi ng bunga ng puno ng kaimito?"

" Aba, oo! Kumuha na kayo pero mag ingat kayo, baka kayo ay mahulog." Ang sagot ni Maria.

Maraming bata at matanda ang humihingi kay Maria ng prutas. Binibigyan niya ang mga ito at hindi pinagdadamutan kahit kalian.

22. Ibigay ang wakas ng kuwento.________________________________

23. Ibigay ang buod ng kuwento sa isang pangungusap.

________________________________________________________

24. Ayon sa kwento, ang suliranin ng mga batang naglalaro ay nagugutom sila, ano ang maibibigay mong solusyon para ito ay malutas?

___________________________________________________

25. Mula sa salitang- ugat na yaman, bumuo ng bagong salita._______________

26. Ano ang tinutukoy ng salitang "kapit- tuko"?
A. nakakapit ang tuko C.maluwag ang apgkakapit
B. mahigpit ang pagkakapit D. hindi nakakapit

27. Anong salita ang mabubuo kapag pinalitan ang hulinh tunog o pantig ng salitang nagamit?
A. naayos B. nagalit C. natuwa D. nawala


28. Bansa ma'y magkaiba, di dapat maging sanhi
Upang magkahiwalay sa layunin at _________.
Anong salita ang katugma ng huling salita sa unang linya?
A.adhikain B. ninanais C. minimithi D. pinaplano

29.Alin sa sumusunod na salita ang may diptonggo?
A. malamig B.malinis C. malinaw D. malabo

30. Inimbitahan ni Alyana ang mga kaibigan para sa kanyang kompleanyo sa susunod na linggo. Alin ang salitang hiram sa pangungusap? A. inmbitahan C. kaibigan
B.Alyana D.kompleanyo

Panuto:Pag-aralan ang graph at sagutin ang kasunod na mga tanong.

BILANG NG MAG-AARAL SA IKATLONG BAITANG NG SIMON GAYUTIN MEM. ELEM. SCHOOL




31. Tungkol saan ang graph?_____________________________
32. Anong seksyon ang may pinakamaraming bilang ng mag-aaral? _____________________

**PAGSULAT**
Panuto: Para sa bilang na 33-35. Sumulat ng talata tungkol pangangalaga sa kapaligiran na may 3-4 na may pangungusap.(3 puntos)

Panuto: Sipiin nang wasto at maayos ang liham.

poblacion 3. Victoria
oriental mindoro

mahal kong bebeth,

natutuwa akong malaman na maayos ang iyong buhay sa ngayon.nasasabik akong muli tayong magkita. Sana ay makadalo ka sa ating reunion upang tayo ay magkakumustahan.

ang iyong kaibigan,
mabel

____________________________
____________________________

_______________________,

________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
-________________________________________________________________________.

____________________________,
____________________________